

Mga Pinagkakasunduan at Kondisyon para sa Pagkakaroon ng Serbisyo



MGA PRESYO NG KORYENTE: Pinamamahalaan ng CleanPower SF ang pagpepresyo ng pagkakaroon ng koryente nang may intensiyon ng pagkakaloob ng mas malinis na koryente sa presyong mas mababa kung ihahambing sa iba.. Puwedeng makakuha ng mga paghahanbing ng singil at gastos ng CleanPowerSF at ng PG&E sa cleanpowersf.org/rates o sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-0773. Puwede ring mag-upgrade ang mga kostumer ng CleanPowerSF sa serbisyo na **SuperGreen**, na nagtatampok ng 100% renewable energy (hindi nauubos na enerhiya), kapalit ng kaunting dadag bawat kilowatt-hour (kWh). Pinagtatibay ang mga presyo ng CleanPowerSF sa mga pampublikong pulong ng Komisyon para sa mga Pampublikong Serbisyo ng San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC), kung saan tumatanggap ng maagang abiso ang publiko, at kinakailangang mapag-aralan muna ang mga singil na ito ng Lupon ng mga Superbis or (Board of Supervisors) ng San Francisco. Taon-taong itinatakdang ang mga presyo ng CleanPowerSF at posibleng magbago ang mga ito sa paglipas ng panahon; ipinagkakaloob lamang ang mga paghahambing sa kasalukuyang singil ng PG&E para sa layunin ng pagbibigay ng impormasyon at puwede pang magbago ang mga ito.. Sisingilin din ng PG&E ang mga customer ng CleanPowerSF ng Power Charge Indifference Adjustment (singil para masakop ang generation cost bago ang pagpapalit ng nagkakaloob ng serbisyo, PCIA) at ng Franchise Fee Surcharge (porsiyento ng mga gastusin sa transportasyon at enerhiya na binabayaran ng kostumer na bumibili sa ibang nagkakaloob ng serbisyo). Ibinilang na ng CleanPowerSF ang mga karagdagang singil ng PG&E sa pagkakalkula ng paghahambing ng mga gastos na makikita sa cleanpowersf.org. Pakikontak ang PG&E para sa iba pang impormasyon tungkol sa PCIA at sa Franchise Fee Surcharge. Patuloy na magagamit ng mga kuwalipikadong kostumer ng CleanPower SF ang mga programa sa pagtulong ng PG&E, kagaya ng Mga Kapalit na Presyo para sa Programang Pang-enerhiya ng California (California Alternate Rates for Energy Program, CARE)

PAGSINGIL: Tatanggap ang mga customer ng CleanPowerSF ng iisang singil buwan-buwan mula sa PG&E kung saan kasama na ang lahat ng bayaring kaugnay ng koryente, pati na rin ang generation charges (singil para sa paggamit ng koryente). Pinapalitan ng generation charges ng CleanPowerSF ang generation charges ng PG&E. Patuloy na sisingil ang PG&E para sa paghahatid, distribusyon, electric public purpose programs (mga pampublikong programa na itinatakdang ng California kaugnay na enerhiya), at iba pang singil na non-generation o walang kaugnayan sa inyong sariling paggamit ng koryente, nang may kahalintulad na presyo sa presyo na sisingil nito sa mga kostumer na hindi tumatanggap ng serbisyo ng CleanPowerSF.

PAG-E-ENROLL: Maliban sa kaso ng mga kostumer na binibigyan na ng serbisyo ng San Francisco Public Utilities Commission, ang CleanPowerSF ang pangunahing nagkakaloob ng koryente sa City at County ng San Francisco. Sa iba't ibang yugto ng maraming

taon na panahon ng pagpapa-enroll, awtomatikong ililipat ang mga kostumer sa San Francisco sa **Green** Serviceng CleanPowerSF (hindi bababa sa 43% renewable na koryente) maliban na lamang sa mag-o-opt out o pipiliing huwag sumali. Sa anumang panahon na piliin nila, puwede ring mag-upgrade sa **SuperGreen** service (100% renewable na koryente) ang mga kostumer ng CleanPowerSF. Upang huwag sumali sa serbisyo ng CleanPowerSF o mag-upgrade sa **SuperGreen**, kailangang hawak ng mga kostumer ang kanilang PG&E Account Number at pumunta sa cleanpowersf.org o tumawag sa (415) 554-0773.

MAG-OPT OUT O HUWAG SUMALI: Ang mga kostumer na mas gustong makatanggap ng koryente mula sa PG&E ay kailangang mag-opt out sa serbisyo ng CleanPowerSF. **Puwede nang mag-opt-out sa CleanPowerSF ang mga kostumer sa anumang panahon matapos na maikedyul ang kanilang account sa pagpapa-enroll** sa pamamagitan ng pagpunta sa cleanpowersf.org o sa pagtawag sa (415) 554-0773 nang hawak na ang kanilang PG&E Account Number. Para sa mga kostumer na mag-o-opt out sa serbisyo ng CleanPowerSF pagkalampas ng mahigit sa 60 araw magmula nang mag-umpisa ang serbisyo, ipatutupad pa rin ang mga pinagkakasunduan at kondisyon upang makatanggap ng serbisyo mula sa PG&E, kasama na ang hindi pagkakaroon ng opsiyon na bumalik sa CleanPowerSF sa loob ng isang taon. Para sa impormasyon tungkol sa mga pinagkakasunduan at kondisyon upang makatanggap ng serbisyo mula sa PG&E, pumunta sa pge.com/ccca. Kapag nakasensela na ang serbisyo ng CleanPowerSF, sisingilin ang mga kostumer para sa lahat ng nagamit na koryente ng CleanPowerSF bago ang paglipat ng serbisyo sa PG&E. Ililipat ang mga account sa PG&E sa kanilang nakaiskedyul na araw ng pagbasa ng metro at hindi puwedeng ilipat sa gitna ng billing cycle o panahon ng pagsingil. Ang mga hiling ng pag-o-opt-out na hindi matanggap nang limang (5) araw ng pagtatrabaho bago ang susunod na araw ng pagbasa ng metro ay ipoproceso sa ikalawang susunod na pagbasa ng metro. Ang mga kostumer na lubusang kakanselahin (halimbawa, liliipat ng tirahan) ang kanilang serbisyo sa koryente ay maaaring mag-sign-up upang bumalik sa CleanPowerSF sa anumang panahon.

HINDI PAGBABAYAD: Kung hindi magbabayad ng singil ang account holder o may hawak ng account, posibleng ilipat ng CleanPowerSF sa PG&E ang account ng mga kostumer pagkalipas ng 14 sa kalendaryo magmula ng pagpapadala ng nakasulat na abiso. Ang mga halagang dapat bayaran sa panahon ng paglipat ay maaaring sumailalim sa mga paniningil.

PAGIGING PRIBADO NG IMPORMASYON: May pananagutan ang CleanPowerSF na ang pangalagaan ang pagiging pribado ng impormasyon ng mga kostumer. Basahin ang aming Notice of Accessing, Collecting, Storing, Using, and Disclosing Energy Usage Information (Abiso Ukol sa Pagkuha, Pangongolekta, Pagtatago, Paggamit at Pagbubunyang ng Impormasyon Tungkol sa Paggamit ng Koryente) sa kabuuan nito sa cleanpowersf.org/privacy.

